1

# Gawaing Pampagkatuto sa *Good Manners and Right Conduct* (GMRC)

Kuwarter 3

Linggo 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa GMRC 1**
**Kuwarter 3: Linggo 4**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development and RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project at UNICEF sa pagsuporta at pagbibigay ng

teknikal na tulong sa pagbuo ng MATATAG learning resources.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sonny M. Angara
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo sa Materyal**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Joyce F. Orillosa |
| **Tagasuri:** | Melynda T. Andres, Joselita B. Gulapa, Juliet P. Quezon |
| **Tagaguhit:** | Jay Michael A. Calipusan, Eric de Guia |
| **Tagalapat:** | Shirley O. Gliponeo |

**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**

Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

**Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd- BLR)**

| | |
|---|---|
| Office Address: | Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex Meralco Avenue, Pasig City Philippines 1600 |
| Telefax: | (02) 8634-1054; 8634-1072; 8631-4985 |
| Email Address: | blr.lrqad@deped.gov.ph; blr.lrpd@deped.gov.ph |

# MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO 1

## UNANG ARAW

### Gawain 1.

**Panuto:**
Tingnan ang mga larawan. Alin sa mga ito ang nagpapakita ng pagtugon sa pangangailangan ng kapuwa.

A.



B.



C.



**Gawain 2.**

**Panuto:**
Makinig ng mabuti sa babasahing mga pangungusap ng guro. Sabihin kung ano ang gawain na tumutugon sa pangangailangan ng kapuwa.

1. Nahihirapan ang isang bata na magbasa ng kaniyang aklat. Dumating ang isang nakatatandang bata at tinulungan nitong magbasa ang bata. Ano ang gawain na tumutugon sa pangangailangan ng bata?

2. Nagbibigay ng tubig ang mga bata at matanda sa mga nabaha sa komunidad. Ano ang gawain na tumutugon sa pangangailangan ng mga taga-komunidad?

3. Nakita mong itinago ng mga tagabantay ng paaralan ang mga naiwang bag ng mga kaklase mo para maibigay nila kinabukasan. Ano ang gawain na tumutugon sa pangangailangan ng mga kaklase mo?

**Gawain 3.**

**Panuto:**
Tingnan ang mga larawan. Isulat sa iyong kuwaderno ang letra ng larawan na nagpapakita ng gawain na tumutugon sa pangangailangan ng kapuwa.

A.



B.



C.



D.



E.



**IKALAWANG AR**

**Gawain 1. Mapagbigay kong kamay**

Narito ang mga paraan sa paggawa ng ating gawain:

1. Kumuha ng isang papel o **bond paper** at iguhit (**trace**) dito ang inyong kamay. Sa palad o gitnang bahagi ng iginuhit na kamay ay isulat ang inyong pangalan.




2. Sa isang daliri ng kamay ay isulat ng ginawang pagtulong sa kapuwa. Maaaring ito ay sa kaibigan, kaklase, kapitbahay, o hindi kakilala na nangailangan ng iyong tulong.

   Halimbawa: "Ibinigay ko ang aking pagkain kay Derol"

3. Ipaskil sa pisara ang inyong ginawa.

**Gawain 2.**

**Panuto:**
Kumpletuhin ang mga pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ang __________ ng pagkain ay bahagi ng mabuting gawain ko bilang bata.

2. Ang __________ sa kapuwa mag-aaral sa kanilang aralin ay bahagi ng mabuting gawain ko bilang bata.

3. Ang ____________ sa mga hayop ay bahagi ng mabuting gawain ko bilang bata.

4. Ang ____________ sa may sakit ay bahagi ng mabuting gawain ko bilang bata.

5. Ang hindi ___________ sa aking komunidad ay bahagi ng mabuting gawain ko bilang bata.

**IKATLONG ARAW**

**Gawain 1.**

**Panuto:**
Basahin ang usapan ng dalawang bata.




Sagutin ang mga tanong:

1. Kung ikaw si Nena, ano ang sasabihin mo kay Carlo? Matutuwa ka ba sa sinabi ni Nena? Bakit?

2. Mahalaga ba na ating tugunan ang mga pangangaailangan ng ating kapuwa kahit sa salita?

**Gawain 2.**

**Panuto:**
Makinig nang mabuti sa bawat pangungusap na aking babasahin. Isulat sa iyong kuwaderno ang tsek (✓) kung ang mga gawain na aking babangitin ay tumutugon sa pangangailangan ng kapuwa at ekis (×) kung hindi.

1. Araw ng sayawan, nakita ni Mara si Liza, at sinabing "Liza ang ganda ng damit mo!"

2. Nakikipaglaro ka sa kapuwa mo bata sa palaruan.

3. Umiiyak ang maliit na bata, lumapit ka at mahinahon mong tinanong kung bakit siya umiiyak.

4. Sumulat ka sa isang kaibigan bilang pasasalamat sa kaniyang mga ginawa para sa iyo.

5. Mahaba ang pila sa inuman, nakita mo si Lenny na uhaw na uhaw. Hindi mo siya pinansin.

**Gawain 3.**

**Panuto:**
Gumuhit ng isang gawain na nagpapakita ng pagtugon sa pangangailangan ng kapuwa bilang bahagi ng mabuting gawain bilang bata. Gawin ito sa isang malinis na papel.

**IKAAPAT NA ARAW**

**Gawain 1.**

**Panuto:**
Makinig nang mabuti sa bawat pangungusap na aking babasahin. Kumpletuhin ang pangugusap. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

1. Kusa akong ____________ sa aking kaklase ng mga gamit na pampaaralan.

2. Kusa akong _____________ sa aking kapatid sa paglinis ng aming tahanan.

3. Kusa kong ____________ ang aking nakakabatang kapatid ng oras sa paglalaro.

4. Kusa akong ____________ sa paglilinis ng aming kommunidad.

5. Kusa akong _____________ ng lumang damit sa nangangailanagn.

**Gawain 3.**

**Panuto:**
Gumuhit ng isang gawain na nagpapakita ng pagiging mapagbigay.